
# Project EASE

## (Effective and Affordable Secondary Education)

## EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV



## MODYUL BLG. 13

**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

## Yunit III

## Modyul Blg. 13

## Matalinong Paghusga

### I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Araw-araw nakararanas ang tao ng mga pangyayaring nangangailangan ng paghusga at pagkilos. Gumagawa ang tao ng mga pasyang kailangan upang siya ay umunlad at maging mabuti ang buhay. Subalit, hindi rin maiiwasang mula sa mga pasyang ito, may buhay na napapahamak, may mga pangarap na hindi natutupad, may mga trahedyang nagaganap na nagtatapos sa walang hanggang kalungkutan at pgkabigo.

Paano nga ba maging matalino sa paghusga? Paano nga ba masisiguro na magiging tama ang magiging pasya mo sa buhay? Narito ang modyul na gagabay sa iyo upang maging matalino sa paghusga. Ito ay *moral* at *cardinal virtue* na itinuturing ding *intellectual virtue*. Matutukoy din ang mga kaugnay na pagpapahalagang tutulong upang tuluyang mahubog ang iyong kasanayan sa matalinong paghusga.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaaasahang matutuhan mo na ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*Nakikilala na ang matalinong paghusga (prudence) ay mahalagang salik ng pagkakasundo. (LC 3.5)*

A. Naipaliliwanag ang kahulugan ng matalinong paghusga
B. Nasusuri ang mga paghusgang ginagawa
C. Nakabubuo ng mga balangkas upang maging matalino sa paghusga

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahin ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Sino ang higit na may matalinong paghusga sa sumusunod. Titik lamang ang isulat
    a. Itinuloy ni Mario ang pagkuha ng kursong Mechanical Engineering kahit mababa ang marka niya sa Mathematics.
    b. Nang sabihin ni Jane na sinisiraan siya ng kaklase niyang si Mica, agad itong sinugod ni Nympha at kinausap.
    c. Gustong bilhin ni Jose ang polong nakita niya sa mall ngunit hindi niya ito ginawa dahil kailangan pa niyang bilhin ang gagamitin niya sa investigatory project niya.
    d. Dahil napakahaba ng pila sa kantina, naisip ni Marjorie na hindi muna kumain ng tanghalian.

2. Mula sa sumusunod, alin ang mas huhubog sa iyong paghusga:
    a. Magbasa ng mga aklat
    b. Tandaan ang mga pagkakamali at huwag na muli itong ulitin.
    c. Magtanung-tanong upang hindi magkamali sa paghusga.
    d. Gumawa muna ng eksperimento upang hindi magkamali sa paghusga.

3. Ang virtue ng mabuting paghusga ay itinuturing na moral at cardinal, bukod dito, ito rin ay tinatawag na virtue ng:
    a. Intellectual
    b. Scientific
    c. Psychological
    d. Sociological

4. Ang taong matalino sa paghusga ay mayroon ding katangiang tulad ng pagiging:
   a. Matalino
   b. Matiyaga
   c. May kababaang-loob
   d. Masipag

5. Ang paghusga sa gagawing kilos o pasya ay magagawa ng isang tao kung sa una pa lamang ay:
   a. nakikita na niya ang magiging resulta ng kanyang kilos.
   b. iniisip na niya ang kahihinatnan ng kanyang kilos.
   c. naglalaan na siya ng alternatibo kung hindi magtagumpay ang kanyang pasya.
   d. Itinatanong na niya sa sarili kung magtatagumpay siya sa pasyang gagawin.

B. Lagyan ng tsek ang kolum na naglalarawan ng antas ng iyong paghusga.

| | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Upang langing tama ang ginagawang pasya, pinag-iisipan itong mabuti. | | | |
| 2. Inuunawa ko muna ang sitwasyon bago ako gumawa ng pasya. | | | |
| 3. Kung magkakamali ako sa aking pasya, mayroon akong nakahandang alternatibo. | | | |
| 4. Ang bawat husga kong ginagawa ay batay sa tamang katwiran. | | | |
| 5. Hindi ko inuulit ang mga mali kong nagawa. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. Nasisiguro ko ang kalalabasan ng aking husga | | | |
| 7. Hindi ako nakikinig sa mga tsimis at kuwentong walang batayan upang hindi maapektuhan ang aking pasya. | | | |
| 8. Kung hihingi ako ng payo, sinisiguro kong eksperto sa larangang ito ang taong iyon. | | | |
| 9. Hindi ko agad sinasabi sa ibang tao ang aking mga iniisip at balakin. | | | |
| 10. Marunong akong magsuri at magsaliksik ng mga solusyon sa aking problema. | | | |

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Tulungan natin ang taong gumawa ng sulat na ito. Isulat sa ibaba ang iyong payo sa kanya.

Mahal kong kaibigan,

Matalik ko pong kaibigan si Rina. Alam ko pong niligawan lamang siya ni Peter dahil sa isang biruan.

Sinabi po ng aking kuya na minsan ay nagkatuwaan sila ng kanyang mga kabarkada. Nalaman ni Peter na may gusto sa kanya si Rina kaya pinagkatuwaan nilang paligawan ito sa kanya. Kailangan daw na ibalita sa kanila ang lahat ng nangyayari sa kanilang relasyon at sa tamang panahon, iiwanan niya ito.

Hindi ko po alam kung paano ito sasabihin kay Rina dahil mahal na mahal niya si Peter. Katunayan bago pa lamang ito manligaw, sinabi niyang kahit na siya ang manligaw dito, gagawin niya ito. Kaya ng ligawan siya nito, masayang masaya siya. Hindi ko kayang makita na masaktan siya dahil para na kaming magkapatid. Ano po ang aking gagawin.

Nagmamahal,
Rowena

Mahal kong Rowena,

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Nagmamahal,
Ang iyong kaibigan

## Sagutin Mo

1. Saan mo ibinatay ang payong ibinigay mo kay Rowena?
2. Sa iyong palagay, bakit hindi matalino ang paghusga ni Rina?
3. Ano ang dapat na ginawa ni Rina bago niya sinagot si Peter?

## Gawain Blg. 2

Isulat sa speech balloon ang iyong magiging tugon sa bawat sitwasyon:

1.


Sumama ka sa amin. Bigyan natin ng suhol ang gwardiya upang makalabas tayo ng paaralan. Pagkatapos, pumunta tayo sa kanto at maglaro tayo ng computer games.

______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________

2.

Alam mo bang narinig ko na pinag-uusapan nila si Jean. Buntis daw ito kaya malamang i-drop siya ng mga guro natin. Ayan, sama kasi siya ng sama sa katipan niya. Nakakahiya siya, hindi ba?

______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________
______________________





### Sagutin Mo

1. Mahirap bang sagutin ang mga ganitong sitwasyon? Bakit?
2. Bakit kailangang maging matalino sa pagbibigay ng husga sa bawat sitwasyon?
3. Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng husga sa bawat pangyayari sa ating paligid?

## Gawain Blg. 3

Punan ang bawat bilog ng mga paraan upang maging matalino sa paghusga. Maaaring dagdagan ang bilog kung ito ay kulang pa.




## Sagutin Mo

1. Kaya mo bang isabuhay ang iyong mga itinala? Paano?
2. Anu-ano ang magiging dulot na kabutihan sa iyo kung ikaw ay matalino sa iyong paghusga?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang iyong sariling pagkaunawa sa virtue ng matalinong paghusga?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang iyong natuklasan mula sa mga naging gawain?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Nahubog ba ng mga gawain ang iyong paghusga? Ipaliwanag.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

## V. Pagpapatibay

Ang Virtue ng Matalinong Paghusga (Prudence)

Ang virtue ng matalinong paghusga ay isa sa apat na moral o cardinal virtues (prudence, temperance, fortitude at justice) dahil ito ay ang pagbibigay ng husga sa kung ano ang tama at mabuting kilos. Itinuturing din itong intellectual virtue dahil sa nakaugat ito sa pagbibigay ng rasyonal at makatwirang husga.

Sa salitang Latin, ito ay tinatawag na genetrix vertutum (mother of virtues) na ang ibig sabihin ay ang ina ng lahat ng virtue. Dito kasi nagmula ang lahat ng virtue tulad ng pagkamatiyaga, pagiging malawak ang isipan, pagkakaroon ng tatag ng loob at tiwala sa sarili, at marami pang iba. Ito rin ay tinawag na auriga virtutum (the driver of every virtue) dahil ito ay nagbibigay ng direksyon sa patutunguhan ng bawat virtue at pagpapahalaga.

Upang maging matalino sa paghusga, nararapat na buo ang loob dahil alam niya na ang kanyang batayan ay ang katotohanan. Handa ka rin na

magsuri sa magiging resulta at kumunsulta sa mga eksperto upang makasiguro sa paghusga.

Ang tao ay maaaring magkamali, subalit para sa taong may matalinong paghusga, ang pagkakamali ay isang opurtunindad upang subukan ang susunod na hakbang dahil sa simula pa lamang ay may alternatibo na siya kung hindi magtatagumpay ang una niyang hakbang. Mayroon siyang malinaw na plano para sa mas mahabang panahon. Siya rin ay kalmado, naghihintay at laging handa sa mga mangyayari.

Walang lugar sa isang matalino sa pagpapasya ang puro pangako dahil para sa kanya, kailangan niyang patunayang mayroon siyang magagawa.

Ang mga kaugnay pang pagpapahalaga at virtue ay ang mga sumusunod ayon kay Esteban:

- Mapagtimpi
- May disiplina sa sarili
- Mababa ang loob
- Mapagsuri
- Tahimik
- Madaling makaalala
- Nakikita ang kinabukasan

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Gumawa ng isang balangkas na magsasanay sa iyo na maging matalino sa paghusga:

Mga Paraan Upang Masanay sa Paggawa ng Matalinong Paghusga:

- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Basahin ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Sino ang higit na may matalinong paghusga sa sumusunod. Titik lamang ang isulat
   a. Itinuloy ni Mario ang pagkuha ng kursong Mechanical Engineering kahit mababa ang marka niya sa Mathematics.
   b. Nang sabihin ni Jane na sinisiraan siya ng kaklase niyang si Mica, agad itong sinugod ni Nympha at kinausap.
   c. Gustong bilhin ni Jose ang polong nakita niya sa mall ngunit hindi niya ito ginawa dahil kailangan pa niyang bilhin ang gagamitin niya sa investigatory project niya.
   d. Dahil napakahaba ng pila sa kantina, naisip ni Marjorie na hindi muna kumain ng tanghalian.

2. Mula sa sumusunod, alin ang mas huhubog sa iyong paghusga:
   a. Magbasa ng mga aklat
   b. Tandaan ang mga pagkakamali at huwag na muli itong ulitin.
   c. Magtanung-tanong upang hindi magkamali sa paghusga.
   d. Gumawa muna ng eksperimento upang hindi magkamali sa paghusga.

3. Ang virtue ng mabuting paghusga ay itinuturing na moral at cardinal, bukod dito, ito rin ay tinatawag na virtue ng:
   a. Intellectual
   b. Scientific
   c. Psychological
   d. Sociological

4. Ang taong matalino sa paghusga ay mayroon ding katangiang tulad ng pagiging:
   a. Matalino
   b. Matiyaga
   c. May kababaang-loob
   d. Masipag

5. Ang paghusga sa gagawing kilos o pasya ay magagawa ng isang tao kung sa una pa lamang ay:
   a. nakikita na niya ang magiging resulta ng kanyang kilos.
   b. iniisip na niya ang kahihinatnan ng kanyang kilos.
   c. naglalaan na siya ng alternatibo kung hindi magtagumpay ang kanyang pasya.
   d. Itinatanong na niya sa sarili kung magtatagumpay siya sa pasyang gagawin.

B. Lagyan ng tsek ang kolum na naglalarawan ng antas ng iyong paghusga.

| | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Upang langing tama ang ginagawang pasya, pinag-iisipan itong mabuti. | | | |
| 2. Inuunawa ko muna ang sitwasyon bago ako gumawa ng pasya. | | | |
| 3. Kung magkakamali ako sa aking pasya, mayroon akong nakahandang alternatibo. | | | |
| 4. Ang bawat husga kong ginagawa ay batay sa tamang katwiran. | | | |
| 5. Hindi ko inuulit ang mga mali kong nagawa. | | | |
| 6. Nasisiguro ko ang kalalabasan ng aking husga | | | |
| 7. Hindi ako nakikinig sa mga tsimis at kuwentong walang batayan upang hindi maapektuhan ang aking pasya. | | | |
| 8. Kung hihingi ako ng payo, sinisiguro kong eksperto sa larangang ito ang taong iyon. | | | |
| 9. Hindi ko agad sinasabi sa ibang tao ang aking mga iniisip at balakin. | | | |
| 10. Marunong akong magsuri at magsaliksik ng mga solusyon sa aking problema. | | | |

## VIII. Mga Sanggunian


Brennan, Robert Edward. (1948). The Image of His Maker. Milwaukee: The Bruce Publishing Co.

Center for Research and Communication (1989). Virtue: The Value of Education. Manila: Sinagtala Publisher, Inc.

Esteban, E. J. (1990). *Education for Values*. Manila: Sinagtala Publishers

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports-IMC. (1995). *Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat.* Pasig City: May-akda.


## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

A.

1. c
2. b
3. a
4. b
5. c

B.

| Iskor | Antas ng Virtue ng Matalinong Paghusga (Prudence) |
|---|---|
| 21-30 | Mataas ang antas ng virtue ng matalinong paghusga |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng virtue ng matalinong paghusga |
| 0-10 | Mababa ang antas ng virtue ng matalinong paghusga |

Gaano Ka Natuto?

A.

1. c
2. b
3. a
4. b
5. c

B.

| Iskor | Antas ng Virtue ng Matalinong Paghusga (Prudence) |
|---|---|
| 21-31 | Mataas ang antas ng virtue ng matalinong paghusga |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng virtue ng matalinong paghusga |
| 0-10 | Mababa ang antas ng virtue ng matalinong paghusga |